



Tumutulong sa mga may-ari ng negosyo at mga self-employed na hindi makaligtaan ang mga sandaling mahalaga.



Paid Family Leave

Tiyaking naroroon ka sa mga sandaling mahalaga.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga programa ng SDI at kung paano makokontak ang SDI, bisitahin ang [Contact State Disability Insurance](https://edd.ca.gov/en/disability/Contact_SDII/) (edd.ca.gov/en/disability/Contact_SDII/).

Ang EDD ay isang tagapag-empleyo/programa na nagbibigay ng patas na pagkakataon. Ang mga pantulong na aid at serbisyo ay available sa mga indibidwal na may mga kapansanan kapag hiniling. Ang paghiling ng mga serbisyo, pantulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879. Para sa mga user ng TTY, tumawag sa California Relay Service sa 711.

Ang pamplet na ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang at walang puwersa at bisa ng batas, alituntunin, at regulasyon.



Disability Insurance Elective Coverage

Masasaligan ng mga may-ari ng negosyo o self-employed at independent na kontratista.



Isang Pinansyal na Pananggalang

Nag-aalok kami ng opsyonal na Disability Insurance Elective Coverage (DIEC) (edd.ca.gov/Payroll_Taxes/Disability_Insurance_Elective_Coverage.htm) program para sa mga tao na:

- Hindi nagbabayad sa State Disability Insurance (SDI) ngunit nais na masaklaw ng mga benepisyo dahil sa kapansanan at Paid Family Leave (PFL).
- Ang sinumang tumatanggap ng malaking bahagi ng kanilang kita mula sa kanilang sariling pagtatrabaho o negosyo ay maaaring pumili na saklawin ng DIEC.

Pinoprotektahan ng DIEC ang mga may-ari ng maliliit na negosyo, negosyante, independent na kontratista, o self-employed na taong bumubuo ng malaking bahagi ng mga kumpanya na nagsasagawa ng negosyo sa California.



Ano ang mga benepisyo ko sa DIEC?

- Proteksyon laban sa pagkawala ng kita dahil sa pinsala, pagbubuntis, o sakit, may kaugnayan man ito sa trabaho o wala.
- Hanggang 39 na linggo na halaga ng benepisyo para sa iyong sariling kapansanan.
- Awtomatikong pagsaklaw sa PFL, na nagbibigay ng hanggang walong linggo na mga benepisyo para:
 - Mag-alaga sa isang kapamilya na may sakit na malubha.
 - Makipag-bonding sa isang bagong anak.
 - Makilahok sa isang nagkakwalipikang kaganapang militar.

Ang halagang ibinayad sa iyo ay batay sa iyong mga sagot sa Form 1040 ng Internal Revenue Service (Schedule SE o Schedule C).

Upang malaman ang higit pa, bisitahin ang [Benefits and Premium Amounts](http://edd.ca.gov/disability/Self-Employed_Benefit_Amounts.htm) (edd.ca.gov/disability/Self-Employed_Benefit_Amounts.htm).

Para sa higit na impormasyon:

- **Kapansanan:** Tumawag sa 1-800-480-3287
- **PFL:** Tumawag sa 1-877-238-4373

Kung mayroon kang anumang mga tanong:

- Tumawag sa: 1-916-654-6288.

Kung nais mo ng aplikasyon, i-download o orderin ito sa pamamagitan ng [Forms and Publications](http://edd.ca.gov/forms) (edd.ca.gov/forms), o tawagan ang 1-916-554-7104.



Kwalipikado ba ako para sa DIEC?

Upang maging kwalipikado, dapat ikaw ay:

- May-ari ng sarili mong negosyo, self-employed, o nagtatrabaho bilang isang independent na kontratista.
- Mayroong pinakamababang netong kita na \$4,600 taun-taon.
- May balidong lisensya, kung kailangan sa iyong trabaho.
- Nagtatrabaho nang full-time at ginagawa ang lahat ng iyong regular na mga tungkulin sa oras na isumite mo ang iyong aplikasyon.
- Tumatanggap ng malaking bahagi ng iyong kita mula sa iyong kasanayan, negosyo, o trabaho bilang isang independent na kontratista.
- Hindi maaaring pana-panahon lang ang iyong negosyo.
- Manatili sa programa nang dalawang kumpletong taon ng kalendaryo maliban kung hindi mo ipinagpatuloy ang iyong negosyo o umalis ka sa California.

Bisitahin ang [Eligibility Requirements for Disability Insurance Elective Coverage](http://edd.ca.gov/Disability/Self-Employed_Eligibility.htm) (edd.ca.gov/Disability/Self-Employed_Eligibility.htm) upang malaman ang higit pa.

